Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
SCHOOLS DIVISION OF BULACAN

Agosto 8, 2025

Para sa: Katuwang na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe ng CID
Puno ng mga Paaralang Elementarya
Tagamasid Pampurok
At iba pang Kinauukulan

Magalang na ipinababatid na ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan sa pamamagitan ng Panlalawigang Tanggapan ng Kasaysayan, Sining, Kultura at Turismo (PHACTO), ay muling magdaraos ng taunang **Singkaban Festival** sa buwan ng Setyembre. Isa sa mga tampok na gawain ay ang **Parada ng Karosa** na gaganapin sa ika-8 ng Setyembre 2025 sa Lungsod ng Malolos, bilang bahagi ng pambungad na programa ng nasabing pagdiriwang.

Alinsunod dito, hinihikayat ang mga pampubliko at pampribadong organisasyon na makibahagi sa patimpalak sa pamamagitan ng pagsali sa **Pagparada ng malikhaing Karosa** na sumasalamin sa mayamang kultura, sining, at kasaysayan ng ating lalawigan. Ang mga alituntunin, mekaniks, at entry form ay kalakip ng liham na ito para sa inyong gabay.

Ang entri ng SDO-Bulacan sa taong ito ay pamamahalaan ng mga Tagamasid Pampurok. Ang lahat ng gastusin para sa paglahok ay maaaring kuhanin sa Local School Board (LSB) / sa local na pondo ng paaralan na sasailalim sa kinagawiang pagtutuos at pag aawdit.

Ang entry form ay kailangang maisumite ng personal o sa pamamagitan ng email sa **tourism.bulacan@yahoo.com** hanggang Setyembre 1, 2025. Para sa karagdagang detalye, maaaring makipag-ugnayan **kay Gng. Alyssa Mhae DL. Mundo sa 0928-939-6476.**

Ang inyong aktibong pakikilahok ay malaking ambag sa matagumpay na selebrasyon ng kultura at sining ng ating lalawigan.

Maraming salamat at mabuhay ang Sining at Kultura ng Bulacan!

**NORMA P. ESTEBAN, EdD, CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

**LIHAM PANSANGAY**
Blg. 070, s. 2025

10 Hulyo 2025

**Dr. NORMA P. ESTEBAN, EdD, CESO V**
*Schools Division Superintendent*
DEPED - Bulacan

Mahal na **Dr. Esteban:**

Magiliw na pagbati mula sa Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan!

Ang Buwan ng Setyembre ay kinikilala natin bilang pinakamaningning at pinakamasayang buwan ng pagdiriwang ng *mother-of-all-festivals* sa Lalawigan ng Bulacan, ang **SINGKABAN FESTIVAL**. Sa darating na Setyembre ay muli na naman nating ipagdiriwang at masasaksihan ang ispesyal na selebrasyon na ito. Isa sa mga programang bahagi ng pagdiriwang na ito ay ang **PARADA NG KAROSA**, na isasagawa **sa ika-8 ng Setyembre, 2025** sa Lungsod ng Malolos, Bulacan. Ang eksaktong oras ng pagsisimula ay itatakda at ipapahayag sa pamamagitan ng isang opisyal na abiso bago ang nakatakdang araw ng aktibidad.

**Kaugnay nito, bilang isa sa mga mahalagang katuwang sa pagtataguyod ng turismo, sining, at kultura ng ating lalawigan, magalang po naming hinihiling ang inyong aktibong pakikiisa sa pamamagitan ng paglahok ng inyong tanggapan o institusyon sa Parada ng Karosa 2025. Kalakip ng liham na ito ang mga gabay (guidelines) na magsisilbing patnubay sa inyong paglahok.**

Maaari po kayong makipag-ugnayan kay Gng. Alyssa Mhae DL. Mundo sa 0928-939-6476 para sa anumang paglilinaw o karagdagang detalye.

Ang inyong suporta ay mahalagang bahagi ng tagumpay ng pagdiriwang na ito. Sa pamamagitan ng inyong pakikibahagi, sama-sama nating maipapamalas ang malikhaing diwa, mayamang kasaysayan, at makulay na kultura ng ating dakilang lalawigan.

Lubos po kaming umaasa sa inyong positibong tugon at taos-pusong pakikiisa.

Maraming salamat at mabuhay ang Sining at Kultura ng Bulacan!

Lubos na sumasainyo,

**MAY ARLENE DG. TORRES**
Nanunungkulang Punò

## MECHANICS

1. The Float Competition will be held on **September 8, 2025**, in the **City of Malolos, Bulacan**, as part of the **Opening Ceremony of the Singkaban Festival**.

2. Participating contingents from **local government units (LGUs), state universities and colleges (SUCs), national government agencies (NGAs), non-government organizations (NGOs), and private companies** are encouraged to enter a creatively designed float that **highlights their locality's cultural traditions, artistic heritage, tourism attractions, and/or products and services.**

3. Float dimensions must strictly adhere to the following maximum measurements:
   - **Height:** 12 feet (from the ground up)
   - **Width:** 8 feet
   - **Length:** 20 feet

   *These limitations are in place due to the street size and overpass clearance along the designated parade route.*

4. Any design elements that reach or extend to the 12-foot limit must be made of soft or flexible materials to avoid accidents in case of contact with electrical lines or other overhead obstructions. It is the responsibility of each competing contingent to provide personnel who will act as tagahawi (line clearers) or tagataas (lifters) for wires or any obstructions along the parade route that the float may encounter.

5. Contingents may include **performers, street dancers, students, personnel, mascots**, and other creative elements in their parade contingent. A **sound system may be integrated** into the float. **Hari at Reyna ng Singkaban 2025 candidates**, if any, from participating LGUs are encouraged to ride their float and join the parade.

6. All floats must be **pre-fabricated** at the participant's location and should arrive at the **designated starting point** in fully completed and parade-ready condition.

7. Each participant is required to submit a **brief narrative (maximum of 200 words)** describing the symbolism and concept of their float. This write-up must be submitted **on or before September 3, 2025**, and will be read aloud as the float passes the **official judging area** during the parade.

8. Judging will take place at the **Capitol Compound**, where all floats will pass in front of an identified judging area.

9. Judging will be based on the following criteria:
   - Craftsmanship 50%
   - Theme 25%
   - Over-all Impact 25%

10. Prizes at Stake

    1st Place –P100,000.00 plus trophy
    2nd Place –P70,000.00 plus trophy
    3rd Place –P50,000.00 plus trophy
    4 Consolation prizes with P20,000.00 each

## GENERAL GUIDELINES:

1. All entries / registration forms may be sent through email at tourism.bulacan@yahoo.com, not later than September 1, 2025, or you can submit it personally at the Provincial History, Arts, Culture and Tourism Office, Capitol Compound, City of Malolos, Bulacan.

2. The decision of the judges shall be final and irrevocable.

3. For more information, please contact Ms. Alyssa Mhae Mundo of PHACTO – Tourism Division at 09289396476.

****MECHANICS AND GUIDELINES ARE SUBJECT TO CHANGE AS DEEMED NECESSARY BY THE ORGANIZERS***

# SINGKABAN FESTIVAL

SINING AT KALINANGAN NG BULACAN

## PANLALAWIGANG TANGGAPAN NG KASAYSAYAN, SINING, KULTURA AT TURISMO

**MRS. MAY ARLENE DG. TORRES**
OIC- Department Head
PHACTO
Hiyas ng Bulacan Cultural Center,
City of Malolos, Bulacan

PARADA Karosa
SINGKABAN FESTIVAL
Float Competition

## ENTRY FORM

☐ **OPO**, KAMI PO AY LALAHOK SA GAGANAPING **PARADA NG KAROSA 2025** NA GAGANAPIN SA **IKA 8 NG SETYEMBRE 2025.**

☐ **COMPETING FLOAT** ☐ **NON-COMPETING FLOAT**

☐ HINDI PO KAMI MAKAKALAHOK DAHIL SA MGA SUMUSUNOD NA KADAHILANAN :

______________________________

______________________________

**OFFICER- IN- CHARGE :** ______________________________

**CONTACT NUMBER :** ______________________________

**ADDRESS :** ______________________________

**EMAIL ADDRESS :** ______________________________

______________________________

**PANGALAN AT LAGDA**

______________________________

**PANGALAN NG ORGANISASYON/KOMPANYA:**

MATAPOS PUNAN ANG MGA DETALYENG KINAKAILANGAN, MANGYARING PAKI **SCAN** AT **E-MAIL** ANG **REPLY FORM** NA ITO SA **tourism.bulacan@yahoo.com** O MAAARING DALHIN NG PERSONAL SA TANGGAPAN NG PHACTO, HIYAS NG BULACAN CULTURAL CENTER, SENTRO NG KASAYSAYAN, SINING, KULTURA AT TURISMO, PROVINCIAL CAPITOL COMPOUND, CITY OF MALOLOS, BULACAN SA O BAGO SUMAPIT ANG PETSANG **SEPTEMBER 1, 2025.**

GREETINGS FROM
**GOV. DANIEL R. FERNANDO, VICE GOV. ALEX C. CASTRO**
AND SANGGUNIANG PANLALAWIGAN



PHACTO
"Sipag at Tapat na Paglilingkod sa Inyo."
NEW GENERATION OF PUBLIC SERVANTS